Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang panghalip na pananong

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip na pananong na bubuo sa pangungusap na patanong. Pumili sa mga panghalip na pananong sa kahon. Higit sa isang beses gagamitin ang mga panghalip na ito.

sino	sinu-sino	ano	anu-ano	kanino	nino	alin

1. __*Ano*__ ang hihiramin mo kay Imelda?
2. __*Sino*__ ang kasama mo mamili sa palengke tuwing Linggo?
3. __*Anu-ano*__ ang mga hanapbuhay ng mga mamamayan sa Batanes?
4. __*Ano*__ ang palabas sa telebisyon na laging pinapanood ng mga bata?
5. Larawan __*nino*__ ang tinititigan ninyo diyan?
6. __*Sinu-sino*__ ang mga mag-aaral na aawit ng Lupang Hinirang?
7. __*Kanino*__ ka magpapatahi ng tatlong uniporme para sa eskuwela?
8. __*Alin*__ ang hindi mo pa natitikman, ang leche flan o ang keyk?
9. __*Sinu-sino*__ ang mga kasama mo sa *Children's Choir*?
10. __*Alin*__ ang mas mabigat, ang kahon o ang maleta?
11. Aklat __*nino*__ ang hinahanap ninyo?
12. __*Kanino*__ mo tinanong ang direksiyon papuntang *Manila Cathedral*?
13. __*Ano*__ ang trabaho ng nanay nina Eleonor at Edgar?
14. __*Anu-ano*__ ang mga pasalubong na nabili ng mga turista?
15. __*Kanino*__ itong sapatos sa labas ng pinto?
16. __*Alin*__ ang mas mura sa tindahan, ang kendi o ang tsokolate?
17. __*Sino*__ ang tatawagan mo sa telepono?
18. __*Kanino*__ mo sinabi ang sikreto mo?
19. __*Sino*__ ang nagsabi sa iyo na matutuloy ang biyahe?
20. __*Sinu-sino*__ ang mga guro na sasama sa lakbay-aral natin?